

Si Maria At Ang Batang Buwaya

Sa baryo sa Bangui, may mag-asawang may maganda at mabait na anak. Maria ang pangalan nito. Malapit sila sa ilog. Mabait at masipag ang mga nakatira dito. Ang ama ni Maria ang pinuno sa lugar.


Isang araw, naligong mag-isa si Maria sa ilog. Nakita siya ng tatlong arang o mangkukulam na napadpad doon.

“Dukutin natin ang batang iyan,” utos ng isa sa mga arang.

Dinukot nga nila ang bata. Ginawa nila itong tagahugas ng pinggan.

Isang araw, habang naghuhugas ng pinggan sa tabi ng ilog, may nakita si Maria na batang buwaya. Tulwato ang pangalan ng buwaya. Mabait ito.

Naaliw si Maria kay Tulwato. Dahil dito, ibinibigay niya dito ang lahat ng tirang



pagkain na naiipon niya sa paghuhugas ng pinggan. Naging magkaibigan sila.

May kakayahan si Tulwato na makita ang mangyayari sa hinaharap. Sinabi niya kay Maria ang plano ng mga mangkukulam sa kanya.

“Maria, hindi magtatagal ay kakainin ka ng mga arang,” ang naaawa at nalulungkot na sabi ni Tulwato.


“Totoo ba iyan, Tulwato?” ang tanong ng takot na takot na si Maria.

“Oo, Maria. Magmadali ka at sumakay ka dito sa likod ko para mailayo na kita dito,” utos ni Tulwato.

Nagmamadaling sumakay si Maria sa likod ni Tulwato pero nahirapan siyang sumampa dito. Maliit at mahina rin kasi si Maria. Nag-isip si Tulwato ng ibang paraan para maitakas si Maria.

“Kumuha ka ng isang putol ng kawayan. Itusok mo dito sa likod ko para may hawakan kahabang nilalangoy ko ang ilog palayo dito,” ang sabi ng batang buwaya.

Agad na sinunod ni Maria ang utos ni Tulwato.



Nagmadali silang lumayo pero hinabol sila ng mga arang.

“Tulwato, dalian mo!” ang sigaw ni Maria. “Mahahabol na tayo ng mga arang!”

Binilisan pa ni Tulwato ang paglangoy. Malayong malayo na sila sa mga humahabol at sa wakas, narating na nila ang gilid ng ilog.

Nakita sila ng ama ni Maria. Tuwang tuwa ito dahil nakitang muli ang anak.

“Salamat sa tulong mo,” ang sabi ng ama ni Maria.

Binuhat niya ang anak mula sa likod ng batang buwaya. Niyakap ito nang napakahigpit. Inimbitahan niya si Tulwato para ipagdiwang ang tulong nito sa anak.

Magmula noon, ang lugar kung saan ibinaba si Maria ay tinawag na Baruyen. Galing ito sa salitang bakruyen o baklayen na naglalarawan sa paraan ng pagtakas ni Tulwato kay Maria. Ang ilog na nilangoy ng batang buwaya ay tinawag ding Ilog ng Baruyen.

